**Ministry of Education**
Minister
315 Front Street West
Toronto ON M7A 0B8

**Ministère de l'Éducation**
Ministre
315, rue Front Ouest
Toronto ON M7A 0B8

Ontario

Mahal Naming mga Magulang,

Sa unang pagkakataon sa halos isang henerasyon, ang ating pamahalaan ay matagumpay na nakagawa ng mga kasunduan sa lahat ng unyon ng mga guro at napigilan ang mga welga sa mga paaralan. Ito ay nagpahintulot sa amin na matupad ang aming pangako sa mga magulang na magdala ng katatagan sa mga silid-aralan at panatilihin ang mga bata sa klase.

Habang ang mga bata ay nakikinabang mula sa tatlo pang taon ng walang putol na pag-aaral, nakarinig ako mula sa marami sa inyo, mga guro at estudyante, ng tungkol sa mga inaalala tungkol sa nakakabahalang pagtaas ng vaping sa kabataan sa mga paaralan at tuloy-tuloy na paggamit ng mga cellphone na nakakagambala sa pagkatuto sa klase.

Iyon ang dahilan kung bakit inilalatag namin ang pinakamasaklaw na plano ng Canada upang labanan ang mga bantang ito.

Upang makatulong na bawasan ang mga paggambala sa ating mga paaralan, simula sa Setyembreng ito, itatanggi namin ang paggamit ng cellphone sa oras ng pagtuturo upang makapokus ang mga estudyante sa pagbabalik sa mga basiko at pag-aaral ng mga pangunahing kasanayan na tulad ng pagbabasa, pagsusulat at matematika.

Ang ating mga pinakabatang mag-aaral sa kindergarten hanggang Grade 6, na maaaring may mga phone, ay aatasan ngayon na panatilihing tahimik at hindi nakikita ang mga phone buong araw.

Para sa mga estudyante sa Grade 7 hanggang 12, ang mga phone ay maaaring manatili sa estudyante. Gayunman, sila ay papayagan lamang gumamit nito kung malinaw na ipinahintulot ng edukador.

Pagsisikapan din namin na isama sa mga report card ang mga komento tungkol sa mga antas ng paggambala sa klase. Alam namin na ang ilang magulang ay gustong makipag-usap sa kanilang mga anak habang nasa paaralan, at ang mga patakarang nakalista sa itaas ay magpapahintulot pa rin nito kapag hindi oras ng pagtuturo o kapag ang edukador ay nagbigay ng permiso.

Pagdating sa mga cellphone, ang patakaran ng Ontario ay: wala sa paningin at wala sa isip.

Tatanggalin din namin ang mga social media website mula sa lahat ng network at device ng paaralan upang makatulong na palakasin ang mga personal na pakikipag-ugnayan, komunikasyon at mga kasanayang panlipunan-pandamdamin.

Ipinahayag din namin ang isang istriktong patakaran laban sa vaping sa mga paaralan kung saan ang mga magulang ay agad na sasabihan, at ang mga vape na dala ng estudyabte ay isusuko at itatapon. Mayroon mga agad na bunga para sa estudyante na nahuhuling nagtataglay ng mga ilegal na substance, at ang mga Yunit ng Pampublikong Kalusugan ay maaaring palahukin din upang suportahan ang edukasyon, pagpigil at pagpapatupad, kapag kailangan. Magkakaloob din kami ng pagpopondo sa mga paaralan upang magkabit ng mga vape detector upang mas mahusay na maipatupad nila ang mga bagong tuntuning ito.

Dinadagdagan din namin ang mga wrap around support para sa mga estudyante upang suportahan ang pag-aaral, nakakahumaling na mga asal at pagpapatupad, gayon din ang dedikadong pagsasanay para sa mga guro at mga suporta para sa mga magulang tungkol sa kung paano pinakamahusay na pamamahalaan ang pagbabagong ito. Hinihimok ko kayong basahin ang isinapanahong Provincial Code of Conduct na bumabalangkas sa mga pagbabagong ito.

Gaano man kalakas ang patakaran, hindi namin magagawa ito nang walang kasama.

Upang tunay na makapagbago ng asal, hinihingi namin ang inyong suporta at pakikipagtulungan upang magsagawa ng mga pakikipag-usap sa tahanan tungkol sa mga bagong inaasahan at ang kahalagahan ng paggalang sa mga tauhan ng paaralan at sa mga tuntunin habang patungo tayo sa Setyembre.

Ang pagbabago ay darating kapag lahat ay nagtatrabahong magkakasama at naninindigan sa tabi ng mga guro, prinsipal, at mga manggagawa sa edukasyon habang ipinatutupad nila ang mga bagong patakarang ito. Ang inyong pakikipagtulungan ay tutulong na matiyak na magagawa ng mga estudyante na bumalik sa mga basiko, magpokus sa kanilang pag-aaral, at maghanda para sa trabaho ng hinaharap.

Sa paggawa nito, ibinabalik namin ang sentido kumon, kung saan ang pokus ay nananatili sa pagkakamit sa akademiko at sa kaligtasan ng inyong anak.

Maraming salamat,

Kagalang-galang na Stephen Lecce
Ministro ng Edukasyonn